Australian Government
Australian Taxation Office

# Mga gastos sa pananamit at paglalaba



**Upang makapaghabol ka (claim) ng kabawasan (deduction) sa buwis dahil sa mga ginastos na kaugnay sa trabaho, kailangan na:**

- ikaw mismo ang gumastos ng pera at hindi ka binayaran sa ginastos mo
- ang ginastos ay dapat direktang nauugnay sa iyong kita
- dapat may rekord ka bilang patunay nito.

## Mga gastos sa pananamit

✅ **Maaari kang maghabol** sa gastos ng pamimili, pag-uupa, pagkukumpuni o paglilinis sa mga kasuotang pantrabaho, kung ito ay pangprotekta, partikular sa trabaho, o isang katangi-tanging uniporme.

❌ **Hindi ka maaaring maghabol** para sa gastos ng pamimili, pag-uupa, pagkukumpuni o paglilinis sa mga ordinaryong damit na sinusuot mo sa trabaho, kahit na sinabi ng iyong taga-empleyo na ito ay sapilitan, o gamitin mo lamang ito sa trabaho.

Ang ‘conventional clothing’ ay ang pang-araw-araw na damit na isinusuot ng mga tao anuman ang kanilang trabaho, halimbawa, mga pantalon, damit pang-opisina at mga t-shirt.

## Pangprotekta

✅ **Maaari kang maghabol** ng kabawasan para sa damit na isinusuot mo para maproteksyunan ka laban sa totoo at maaaring mapanganib na pagkakasakit o pagkapinsala sa trabaho. Ang damit na pangproteksyon ay dapat may mga katangian o gamit na pangprotekta at maaaring kasama ang:

- mga tsaleko na may kulay-pangkaligtasan
- pangprotektang mga bota, boiler suit o apron
- damit na mahirap masunog
- mga di-madulas na sapatos ng mga nars.

## Partikular na Trabaho

✅ **Maaari kang maghabol** ng kabawasan sa buwis para sa damit na nagtutukoy sa iyo sa isang partikular na trabaho – halimbawa, ang checkered na pantalon ng isang chef.

## Sapilitang uniporme

✅ **Maaari kang maghabol** ng kabawasan sa sapilitang uniporme na nagtutukoy sa iyo bilang isang empleyado ng isang organisasyon. Dapat gawing sapilitan ng iyong taga-empleyo ang pagsuot ng uniporme sa pamamagitan ng isang kasunduan o patakarang mahigpit na pinatutupad sa lugar ng trabaho.

## Di-sapilitang uniporme

❌ **Hindi ka maaaring maghabol** ng kabawasan para sa mga di-sapilitang uniporme sa trabaho maliban kung ang iyong taga-empleyo ay nagparehistro sa disenyo ng damit sa Register of Approved Occupational Clothing at sinusuot mo ang uniporme sa lugar ng trabaho.

## Paglalaba at mga pagkumpuni

✅ **Maaari kang maghabol** ng kabawasan para sa gastos ng paglilinis at pagkukumpuni ng damit kung ang damit ay pangproteksyon, partikular sa trabaho, sapilitang uniporme o rehistrado bilang isang di-sapilitang uniporme.

Ang makatwirang mga batayan para sa pagkalkula ng paghahabol para sa paglalaba ay maaaring:

- $1 bawat kargada sa washing machine kung ang karga ay naglalaman lamang ng mga damit na kaugnay sa trabaho
- 50c sa bawat kargada kung naghalo ang mga personal at pantrabahong damit.

Kailangan mong maipakita kung paano mo kinalkula ang bawat kargada sa paglaba para sa iyong paghahabol.

✅ **Maaari kang maghabol** ng kabawasan para sa mga totoong gastos sa pagpapa-dry clean at pagkukumpuni ng mga damit na pangtrabaho sa mga kategoryang ito.

ⓘ **Ito ay isang pangkalahatang buod lamang.**
Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa ato.gov.au/clothingandlaundry o makipag-usap sa isang rehistradong propesyonal sa buwis.

NAT 75601TGL-04.2024 DE-63511